

Mga Paalala sa Pamumuhay para sa mga Foreign Residents

～Para maging maayos at komportable ang ating pamumuhay～



Iba ang mga kaugalian at patakaran sa Japan kumpara sa ibang bansa. Kapag hindi natin alam ang mga ito, posible na magka-trouble tayo o ma-involve sa krimen. Kaya mahalagang matutunan ang mga kaugalian at patakaran sa Japan para maging ligtas at panatag ang ating pamumuhay.

Gamagori City

Residence Card • Social Insurance

Dalhin palagi ang iyong Residence Card (Zairyuu Card)

- **Ang mga 16 years old pataas** ay kailangang laging dala ang residence card. Kapag tinanong ng immigration officer o pulis at wala kang **maipakita na residence card, maaaring magkaroon ng multa na hanggang 200,000 yen.**
- Ang residence card ay ikaw mismo ang dapat humawak. Bawal ipahawak sa ibang tao, kahit na pamilya pa.
- Huwag mag-post sa SNS ng may personal information.

Kahit hindi mo alam ang patakaran, maaari kapa ring maparusahan. Kaya mag-ingat tayo.



Mag tanong sa City Hall kung hindi mo alam ang proseso o paraan ng pagbabayad.

Ang National Health Insurance(Kokumin Kenkou Hoken) at Social Insurance(Shakai Hoken) ay bawal ipahiram sa iba

- Sa Japan, **obligado ang lahat na pumasok sa National Health Insurance o Social Insurance.**
- Kung ikaw ay may trabaho, papasok ka sa Social Insurance at ang kumpanya ang gagawa ng prosesong ito.
- Kapag tumigil ka sa trabaho, huwag kalimutang **pumunta sa city hall para magpalit sa National Health Insurance.**



Kapag hindi nagbabayad ng insurance, **may posibilidad na hindi ma-renew ang residence status (visa).** Bawal ipahiram ang insurance card sa iba. Gamitin lamang ang sarili mong insurance card.


Ang may status na “Family Dependent” o “Student” ay kailangan munang mag-apply ng permission bago mag-part-time job

- Bago mag-arubaito (part-time job), **kailangang mag-apply ng “Permission to Engage in Activity Other Than That Permitted (資格外活動許可)”.**
- Kapag may “Permission to Engage in Activity Other Than That Permitted (資格外活動許可), **hanggang 28 oras lang kada linggo** ang pwedeng magtrabaho. **Kapag hindi nasunod ang oras, may posibilidad na hindi ma-renew ang residence status (visa).**
- Bawal mag-part-time sa mga lugar tulad ng pub, game center, pachinko shop, at iba pang katulad na lugar.



Kapag lumabag sa mga patakaran, may posibilidad na ma-deport (pabalikin sa sariling bansa).

Kahit hindi mo alam ang patakaran at nag-work ka pa rin, possible ka pa ring maparusahan.



Mga Kaugaliang Pang-araw-araw at mga Patakaran ①



May mga itinalagang lugar lang kung saan maaaring mag-barbecue

- Hindi lahat ng lugar ay maaaring mag-barbecue.
- Siguraduhing maaari din mag-bonfire sa lugar bago gawin ito.
- Bawal pumasok ng walang permiso sa mga bakanteng lupa o bukid.

Maaaring pumunta ang pulis at magbigay ng babala.

May mga piling dagat lang kung saan pwedeng lumangoy

- Delikado ang paglangoy sa mga dagat na bawal paglangoyan.
- Mayroon lang 2 lugar na pinapayagang paglangoyan:
 - ① Nishiura Onsen Palm Beach
 - ② Mikawa Oshima Higashihama Beach (kailangan sumakay ng regular ferry)




Bawal manghuli o kumuha ng isda, alimango, shellfish, at tulya/halaan(asari) sa dagat

- Sa mga itinalagang lugar at kaya lang kainin ang pwedeng kuhain.
- Bawal ibenta ang mga isda, alimango, shellfish, at tulya/halaan(asari) na nakuha.



Bawal manigarilyo sa kalsada at magtapon ng basura

- Sa Japan, 20 taong gulang pataas lang ang puwedeng mag-sigarilyo.
- Manigarilyo lamang sa itinalagang lugar (smoking area). Bawal ang paninigarilyo habang naglalakad.
- Bawal itapon sa kalsada ang upos ng sigarilyo.
- Konti lang ang basurahan sa Japan, kaya iuwi ang sariling basura.



Mga Kaugaliang Pang-araw-araw at mga Patakaran ②

Kapag hindi mo alam ang mga patakaran, magtanong sa real estate agent (Fudosann) o sa landlord (may-ari ng apartment).



Sundin natin ang mga patakaran sa apartment

- Ang mga taong nakalagay lang sa kontrata ang maaring tumira. Bawal ang ibang tao.
- Bawal ipahiram sa ibang tao.
- Kapag lilipat, kailangan ng cancellation/termination process.
- Bawal maglagay ng gamit sa mga shared areas tulad ng hallway at hagdan.
- May mga apartment na puwede ang pets at may bawal ang pets. Magtanong muna bago umupa.

Kapag hindi sinunod ang mga patakaran, may posibilidad na hindi ka na paupahin.

Iwasan natin ang malalakas na ingay at boses

- Huwag mag-ingay o sumigaw nang malakas
- Huwag magkuwentuhan sa hallway o sa balcony
- Huwag magpatugtog ng malakas

Maaaring pumunta ang pulis at magbigay ng babala.

Kapag magba-barbecue sa bahay, mag-ingat para hindi mapunta ang usok sa katabing bahay

- Huwag mag-barbecue sa balcony ng apartment (dahil malapit ang ibang balcony at may usok at amoy)
- Kung sa garden o bakuran, siguraduhing hindi maraming usok ang napupunta sa kapitbahay.

Mag-ingat lalo na sa gabi at madaling-araw.



I-lock ang pinto at mga bintana ng bahay

- Kapag lalabas ng bahay, siguraduhing naka-lock ang pinto at mga bintana.
- Kahit nasa loob ng bahay, i-lock pa rin ang pinto at bintana.

Kapag hindi naka-lock ang pinto o bintana, may posibilidad na mabiktima ng krimen.

Kahit sandali lang lalabas, (tulad ng pagtatapon ng basura), siguraduhin parin na naka-lock ang pinto.



Mga Tamang Paraan at Patakaran sa Pagtatapon ng Basura

Plastik ng Moyasugomi



Sundin natin ang tamang paraan ng pagtatapon ng basura

- Mayroong mga patakaran sa pagtatapon ng basura
 - ① Para sa nasusunog/nabubulok na basura (Moyasugomi), gamitin ang itinalagang garbage bag. Mabibili ito sa convenience store o supermarket. Bawal gumamit ng ibang garbage bag.
 - ② Itapon ang basura sa itinalagang lugar, mula 6:00 a.m. hanggang 8:00 a.m. sa tamang araw. (Tingnan ang Guide para sa Pagtatapon ng Basura/ごみ出し便利帳 para sa schedule.)
- Bawal magtapon ng basura sa kalsada o bakanteng lupa.

Maaari itong magdulot ng reklamo o problema mula sa mga taong nakatira sa lugar.


Madudumihan ang ating lugar, kapag nagtatapon tayo ng basura sa kalsada.

Recyclable na basura at iba pang basura

- Ang mga PET bottle, lata, bote, at iba pang recyclable na basura ay itapon sa itinalagang lugar sa inyong area, at i-separate nang tama ayon sa tamang kategorya bago ilagay sa recycling station.

Bawal itapon ang mga Recycle Appliances

- Ang mga TV, Aircon, Refrigerator, Washing Machine, at Dryer ay may special na paraan ng pagtatapon ayon sa batas sa Japan.
- Kailangan ipakiusap sa store kung saan binili o sa appliance shop. (May bayad para sa recycling)




Malalaking Basura

- Ang malalaking basura (30 cm pataas) ay kailangang dalhin mismo sa clean center. (Hindi ito pwedeng itapon sa istasyon ng basura.)
- Bawal kunin at iwi ang basurang tinapon ng ibang tao.

Example ng Malalaking Basura



Lamesa



Microwave



Kama

- Makikita ang mga patakaran sa pagtatapon ng basura sa “Guide para sa Pagtapon ng Basura /ごみ出し便利帳”.
- Pwede rin itong tingnan gamit ang smartphone o tablet app na “さんあ〜る (threeR)”.



Guide para Pagtapon ng Basura (Japanese Only)



App Store



Google Play

「さんあ〜る」 「threeR」



Mga Tamang Paraan at Patakaran sa Pagmamaneho ng Sasakyan

Sundin natin ang mga patakaran sa pagmamaneho sa Japan

- Kapag magmamaneho ng sasakyan, kailangan ng Driver's License na valid sa Japan.
- Laging sundin ang mga traffic lights.
- Bawal mag-park nang walang pahintulot sa parking ng iba o sa public road.
- Pumasok sa Voluntary Car Insurance (任意保険), para kung sakaling maaksidente.



Lahat ng sakay ay kailangang naka-seatbelt

- Obligado ang pagsusuot ng seatbelt.
- Mangyaring gumamit ng Child Seat kapag may sakay na batang wala pang 6 na taong gulang.

Kapag nagmaneho nang nakainom, pati ang mga sakay ay may multa

- Mahigpit na ipinagbabawal ang pagmamaneho matapos uminom ng alak. (20 taong gulang pataas lang ang pwedeng uminom ng alak)
- Bawal gumamit ng smartphone o cellphone habang nagmamaneho.



Kapag hindi sumunod sa mga traffic rules, may posibilidad na maparusahan.

Mga Tamang Paraan at Patakaran sa Pagmamaneho ng Bisikleta

Magpa-register ng anti-theft (crime prevention) sa bisikleta

- Kailangan ng "Crime Prevention Registration (防犯登録)" ang bisikleta.
- Kapag may nagbigay o nakatanggap ka ng bisikleta, kailangan baguhin ang registration.
- Kapag itatapon ang bisikleta, kailangan ipatanggal (i-cancel) ang crime prevention registration.



Ang proseso ay pwedeng gawin sa shop ng bisikleta

Kapag walang crime prevention registration, maaaring mapagkamalang ninakaw ang bisikleta.

Pumasok sa insurance para sa oras na may aksidente

- Sa kaliwang bahagi ng kalsada dumaan.
- Magsuot ng helmet.
- Kailangang sumali sa Bicycle Liability Insurance(自転車損害賠償保険).
- Simula April 2026, may multa na para sa paglabag sa traffic rules sa bisikleta.



Traffic rules sa bisikleta (Japanese Only)

Kung gusto mong pumasok sa Bicycle Liability Insurance, pwedeng mag-asikaso sa mga shop ng bisikleta na may nakadikit na TS mark.



Mga Impormasyon na Maaaring Makatulong sa Pang-araw-araw

Pinagsama-sama namin ang mga impormasyong makakatulong sa pang-araw-araw na buhay. Paki-scan ang QR code at tingnan ito.

SNS (Social Media)

Para sa lahat ng mga foreign residents na nakatira sa Gamagori City, nagbibigay kami ng impormasyon mula sa city hall at mga event information sa iba't ibang language.



Gamagori City Homepage

Ito ang Homepage ng Gamagori City. Ang page para sa foreign residents ay pwedeng mabasa sa iba't ibang language.



Anshin Hiro Mail

Ito ang email distribution service ng Gamagori City. Kailangan munang mag-register. (English, Filipino, Vietnamese, Portugues, Spanish, Korean, Chinese (Mandarin/Cantonese))



Gamagori City Official LINE

Ito ang official LINE account ng Gamagori City. Paki-add para sa mga impormasyon.



Orientation Video para sa Pamumuhay

Mayroon kaming ginawang video para madaling intindihin ang mga patakaran sa iba't ibang sitwasyon sa pang-araw-araw na buhay. (Japanese, English, Filipino, Portugues, Vietnamese, Chinese, Spanish)



Guidebook sa Pamumuhay

Ito ay booklet na may mga impormasyong kailangan sa pamumuhay. (English, Filipino, Portugues, Vietnamese, Chinese, Spanish)



Kapag may Problema, Huwag Mahiyang Kumonsulta

Mga Dapat Tandaan Kapag Kumukonsulta

Kapag magko-consult, mas mabuti kung isusulat muna sa papel ang mga problema, mga tanong, at mga gustong ipaalam.

Sa oras ng emergency, may support din sa foreign language (limitado lamang). Libre po ito.

Kapag may insidente
o aksidente

 110



Tumawag sa pulis

Kapag may sunog
o biglang sakit

 119



Sunog → Tumawag sa bumbero

Biglaang sakit o sugat

→ Tumawag sa ambulansya



Kapag gusto mong kumonsulta

Kapag may hindi kayo naiintindihan tungkol sa mga proseso sa city hall, makipag-ugnayan sa Gamagori City Consultation Desk for Foreign Resident. Pwedeng kumonsulta tungkol sa Medikal, Taxes, Welfare, Pension, Pagbubuntis at Panganganak, Pagpapalaki ng bata, Trabaho, at iba pang problema, gamit ang iba't ibang wika.

Gamagori Shi Shimin Seikatsubu (Gamagori City Citizens Life Department)
Kyousou Kyouseika (Collaborative Community Development Division)
Gaikokujin Soudan Madoguchi (Consultation Desk for Foreign Residents)

○Oras Lunes ~ Biyernes 9:00a.m. ~ 4:00p.m. ※Nag-iiba depende sa wika
【Sarado: Sabado · Linggo · Red Calendar(Holiday), New Years Holiday(12/29 ~ 1/3)】

○Telepono 0533-66-1179 Filipino/Tagalog, Vietnamese, English

○Tablet Portuguese, Spanish, Chinese, Korean, Khmer, Indonesian, at iba pa.

Sa Aichi Prefecture, may multicultural social workers na pwedeng lapitan para sa iba't ibang konsultasyon tulad ng labor problems, taxes, medical, education, at iba pa, gamit ang maraming language.

Aichi Tabunka Kyousei Center (Aichi Multicultural Center)

○Oras Lunes ~ Sabado 10:00a.m. ~ 6:00p.m.

【Sarado: Linggo · New years Holiday (12/29 ~ 1/3)】

○Telepono 052-961-7902

Portuguese, Spanish, English, Chinese, Filipino/Tagalog, Vietnamese, Nepali, Indonesian, Thai, Korean, Myanmar, Russian, Ukrainian